


10

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Unang Markahan – Modyul 8: Ang Kahulugan ng Dignidad



**Edukasyon sa Pagpapakatao 10**  
**Alternative Delivery Mode**  
**Unang Markahan – Modyul 8: Ang Kahulugan ng Dignidad ng Tao**  
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Mariliese C. Yangken

**Editor:** Annie Rose B. Cayasen, Ed.D - Regional EPS - EsP

**Tagasuri:** Erlinda C. Quinuan – Division EPS - EsP

**Tagaguhit:**

**Tagalapat:**

**Tagapamahala:** May B. Eclar, Ph.D. CESO V – Regional Director

Benilda M. Daytaca, EdD, CESO VI – OIC-SDS-SDO Benguet

Carmel F. Meris – Chief Education Supervisor CLMD

Ethielyn Taqued - Regional EPS - LRMDS

Edgar Madlaing – Regional EPS – AP/ADM Focal Person

Rizalyn A. Guznian, Ed.D. – Chief Education Supervisor CID

Sonia D. Dupagan, Ed.D. – Division EPS LRMDS

Vicenta C. Danigos – Principal I

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Kagawaran ng Edukasyon - Rehiyong Pampangasiwaan ng Cordillera**

Office Address: Wangal, La Trinidad, Benguet

Telefax: (074) – 422 - 4074

E-mail Address: car@deped.gov.ph

# 10

# **Edukasyon sa Pagpapakatao**

**Unang Markahan – Modyul 8:  
Ang Kahulugan ng Dignidad**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinomang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan naming magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kaming matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## Alamin

Mulat na ba ang inyong mga mata sa mga nangyayari sa iyong paligid? Bubulaga sa iyo ang mga iba't ibang mga tao na iyong makikita at makakasalamuha sa bawat araw. Sila ay may iba't ibang katayuan sa buhay, may mayaman, may mahirap, may magaling, may kulang sa kaalaman. Marahil, katulad ng ibang tao, may nabubuong tanong ka rin sa iyong isip. Kung talagang may dignidad ang tao bakit hindi pantay-pantay ang mga tao sa mundo? Bakit may naaapi? Sadya nga bang walang kasagutan ang mga tanong na ito? May magagawa ka kaya upang mabigyang kasagutan ang mga tanong na ito. Makakatulong ang modyul na ito upang masagot ang ilan sa mga tanong. Nakahanda ka na ba?


Sa modyul na ito, inaasahang malilintang sa iyo ang mga sumusunod na kaalaman, kakayahan at pag-unawa:

1. Nakapagpapaliwanag ng kahulugan ng dignidad ng tao. (EsP10MP-If-4.1)
2. Nakapagsusuri kung bakit ang kahirapan ay paglabag sa dignidad ng mga mahihirap at indigenous groups. (EsP10MP-1f-4.2)

### Aralin

# 1

## ANG KAHULUGAN NG DIGNIDAD NG TAO



## Subukin

Bago mo simulan ang mga gawain sa modyul, sagutin mo muna ang mga katanungan sa ibaba.

**Panuto:** Isulat ang **Tama** kapag wasto ang diwa ng pangungusap, isulat naman ang **Mali** kapag ang diwa nito ay hindi totoo. Isulat ang sagot sa inyong papel.

1. Ang “dignidad” ay galing sa *Latin* na salita na ibig sabihin ay karapat-dapat.
2. Gawin mo sa iba ang ayaw mong gawin ng iba sa iyo.
3. Kailangan mangibabaw ang paggalang at pakikipagkapatiran dahil sa mata ng Diyos ang lahat ay pantay-pantay.
4. Lagi mong isa-isip na ang iyong kapwa ay dapat gamitin para sa sariling kapakinabangan.

5. Pilihin mo ang taong dapat irespeto.
6. Ang kahirapan ay hindi paglabag sa dignidad ng mga mahihirap.
7. Nagsisimula sa pagrespeto ang pagpapahalaga sa dignidad ng isang tao.
8. Ang pagpintas sa kulay ng balat ng isang tao ay hindi isang diskriminasyon.
9. Ang lipunan ay isang moral na institusyong binuo ng Diyos upang pangalagaan ang karangalan at dignidad ng tao.
10. Patuloy ang pagkaranas ng di makatarungang pang-aabuso kung hindi marunong rumespeto ang mga tao.

**Panuto:** Sa bilang na 11-15, basahin at suriing mabuti ang mga sumusunod na pahayag. Piliin at isulat ang **titik** ng inyong sagot sa inyong papel.


11. Para maiangat ang dignidad ng lahat ng tao, dapat tumulong ang lipunan dahil dito nagsisimula. Ang pangungusap ay:
  - a. Tama, dahil itinatadhana ng saligang batas ang paggalang sa pagkakapantay-pantay ng lahat ng tao.
  - b. Tama, dahil ang tunay na diwa ng pagiging isang bansa ay nasa pagkikilala sa karapatan at dignidad ng lahat ng tao.
  - c. Mali, dahil sa Diyos nagmumula ang dignidad ng tao.
  - d. Mali, dahil kailangang igalang ng mamamayan ang katayuan ng mga tao na mas mataas ang katungkulan sa pamahalaan.
12. Kailan maaaring mawala ang dignidad ng isang tao?
  - a. Kapag siya ay naging masamang tao.
  - b. Sa sandaling nalabag ang kanyang karapatang pantao.
  - c. Sa oras na niyapakan ng kapwa ang kanyang pagkatao
  - d. Wala sa nabanggit
13. Paano mapananatili ang mataas na antas ng dignidad ng tao?
  - a. Kumilos bilang kagalang-galang na indibidwal.
  - b. Panatilihin ang kabutihan sa sarili at sa kapwa upang laging makuha ang paggalang ng kapwa.
  - c. Palaging iangkop ang sarili sa pangkat na kinabibilangan upang maging karapat-dapat sa kanilang pagkilala
  - d. Isabuhay ang pagpapahalaga hindi sa kung anong ari-arian maayroon kundi sa karangalan bilang tao.
14. Ano ang pinakamahalagang maitutulong ng pagkakaroon ng dignidad ng tao?
  - a. Magiging malaya ang tao na ipakita ang kanyang totoong sarili.
  - b. Mapananatili ang damdamin ng pagmamalaki sa lahat ng tao.
  - c. Masisiguro na magagawa ng tao ang lahat ng kanyang nais nang walang pag-aalinlangan.
  - d. Ang lahat ay nagkakaroon ng karapatan na umunlad sa paraang hindi makasasakit o makakasama sa ibang tao.

15. Paano mo matutulungan ang isang pulubi na maiangat ang kanyang dignidad bilang tao?
- Palagi siyang bigyan ng pagkain at pera sa araw-araw.
  - Tulungan siyang hanapin ang kanyang pamilya upang may mag-aruga sa kanya.
  - Humanap ng isang instituyon na maaaring kumalinga sa kanya at mabigyan siya ng disenteng buhay.
  - Lapitan siya at kausapin sa araw-araw upang maitaas ang kanyang konsepto sa kanyang sarili.



## **Balikan**

Sa nakaraang aralin, napag-aralan natin na ang tunay na diwa ng kalayaan ay ang pagtugon sa tawag ng pagmamahal at paglilingkod. Sa ating pang-araw araw na pamumuhay, hindi maiiwasan na may mga pangyayari na ating nakikita o naobserbahan na siyang nagbibigay ng katanungan sa ating mga kaisipan. Basahin at unawain ang mga pambansang pangyayari sa ibaba



1. Mula sa mga isyung nabanggit, ano ang iyong magagawa upang patibayin ang iyong loob sa mga nakalulungkot na pangyayaring ito?

---



---




---



---



---



2. Papaano ka tutugon sa mga taong nasasadlak sa ganitong suliraning panlipunan?

---



---



---



---



---



## Tuklasin

Natunghayan mo sa katatapos na gawain, na may iba't ibang pangyayari na siyang nagpapababa sa dignidad ng isang tao.

### Gawain 1. Maskara ng Dignidad

**Panuto:** Sa gawain na ito, gumawa ng dalawang maskara na siyang sumasalamin sa mukha ng dignidad. Sa kaliwang maskara, iguhit ang mukha ng walang dignidad, at gumawa naman ng mukha ng may dignidad sa kanang maskara.

Gawing gabay ang sumusunod na kriterya:


Kasiningan ng presentasyon:

5 pts

Kalinawan ng konseptong nais ipahiwatig:

5 pts

10 pts



Kumusta? Matagumpay mo bang nagawa ang inyong maskara? Ngayon naman ay sagutin mo ang mga sumusunod na tanong. Isulat ang iyong sagot sa iyong papel.

1. Ano ang naramdaman mo habang isinasagawa ang gawain? Ipaliwanag.

---

---

---

2. Ano ang uri ng dignidad na inyong nailarawan?

---

---

---



3. Paano naitataguyod ang dignidad ng isang tao?

---

---

---



## ***Suriin***

### **I. Ang Dignidad ayon sa Ibat-ibang Paniniwala**

#### **Ancient Stoic Tradition**

Taglay ng tao ang katuwiran at kakayahang maunawaan ang santinakpan at ayusin ang sarili. Ito ang nagbigay sa tao ng dignidad na katulad ng hindi nasusukat na pagpapahalaga.

Sa kasalukuyang panahon, ang dignidad ang nagbibigay pakahulugan na ang tao ang pinakamahalagang nilalang.

#### **Ang Dignidad ng Tao ayon sa Western Philosophy**

Ang dignidad ay tumutukoy sa obhektibong pagpapahalaga na ang indibidwal ay nagtataglay ng ilang mga katangian ng pagkilos na may kaugnayan sa kaniyang dignidad tulad ng kahinahunan, katahimikan, marangal na pamamaraan at pagkilos.

Ang dignidad ng tao ay nababatay sa kaniyang nagawa sa buhay. Ang dignidad ng tao bilang pansariling pagpapahalaga na naaayon sa damdamin.

#### **Ang Human Dignity Ayon sa Relihiyon**

Nag-uugat ang dignidad ng tao ayon sa pagkakalikha sa kaniya na kalarawan at kawangis ng Diyos. Ang banal na imahe ng Diyos ay nasasalamatin sa bawat tao.

Hindi tayo simpleng bagay, kundi isang tao ay may kakayahang umalam at ibigay ang sarili sa pakikipag-ugnayan sa Diyos at sa kapwa-tao.

Tayo ay nilikha ng Diyos dahil sa pagmamahal, kung kaya't may kakayahan din tayong umibig at magmamahal na makapagpapanatili ng dignidad ng tao.

Source: Mirasol Madrid. "Dignidad ng Tao: Pangalagaan Ko," *slideshare.net*, August 11, 2014, [slideshare.net/zhollimadrid/dignidad-ng-tao-pangalagaan-ko](https://www.slideshare.net/zhollimadrid/dignidad-ng-tao-pangalagaan-ko).

## II. Ang Kahulugan ng Dignidad ng Tao

Ito ay galing sa salitang *Latin* na *dignitas*, mula sa *dignus* na ibig sabihin “karapat- dapat”. Ang dignidad ay nangangahulugang pagiging karapat-dapat ng tao sa pagpapahalaga at paggalang mula sa kaniyang kapwa. Lahat ng tao, anuman ang kanyang gulang, anyo, antas ng kakayahan, ay may dignidad.

Ito ang nagpapatotoo na ang tao ay naiiba at natatanging nilikha ng Diyos.

Ito ay isang bagay na nagdudulot ng karapatan sa lahat.

**Dahil sa dignidad, lahat ay nagkakaroon ng karapatan na umunlad sa paraang hindi nakakasakit o nakasasama sa ibang tao. Nangingibabaw ang paggalang at pakikipagkapatiran, dahil sa mata ng Diyos, pantay-pantay ang lahat.**

## III. Pantay na Pagkilala sa Dignidad, Sa Kapwa ay Ibigay

Sa bahaging ito, higit na mauunawaan mo ang kahulugan ng salitang dignidad. Basahin mong mabuti ang babasahin upang mabigyan ka na malalim na kahulugan at kabuluhan nito.

1. “Mahalin mo ang iyong kapwa katulad ng pagmamahal mo sa iyong sarili.” Utos ng Diyos. Ito ay nangangahulugan ng pagkilala sa dignidad na taglay ng lahat ng tao
2. “Huwag mong gawin sa iba ang ayaw mong gawin ng iba sa iyo”. Golden Rule. Kung ano ang makakasama sa iyo, makakasama rin sa iyo. Kung ano ang makabubuti sa iyo, makabubuti rin ito sa kanya.

Sa tagubilin ng mga taga-Roma sa Banal na Kasulatan, malinaw na ipinahihiwatig ang ganito:

“Huwag kayong umaayon sa takbo ng mundong ito. Maging iba at tangi kayo sa lahat ng gawain at pag-iisip upang mabatid ninyo ang kalooban ng Diyos-kung ano ang Mabuti, nakalulugod sa Kanya at talagang ganap.” (Roma 12:2)


“Huwag magkunwari na mahal ninyo ang inyong kapwa. Mahalin sila ng tapat. Kasuklaman ninyo ang masama, pakaibigin ang Mabuti. Pahalagahan ninyo ang iba nang higit sa pagpapahalaga nila sa inyo.”(Roma 12:9-10)

“Sikapin inyong mamuhay ng marangal sa lahat ng panahon. Hangga’t maaari, makisama kayong mabuti sa lahat ng tao.” (Roma 12:17-18)

“Huwag kayong padaig sa masama bagkus daigin mo ang masama sa pamamagitan ng kabutihan.”(Roma 12)

“Layuan na natin ang lahat ng gawaing masama at italaga ang sarili sa paggawa ng Mabuti.” (Roma13:12)

Ito ay mga ginintuang butil ng pagpapabuti at pagpapanatili ng dignidad at karangalan ng tao na siyang nagpapatatag ng moral ng isang tao.



## ***Pagyamanin***

### **Gawain 2: Dignidad ng Tao: Kilalanin Mo!**

Panuto: Gamit ang ilustrasyon sa ibaba, punan ang mga kahon ng tamang paniniwala hinggil sa dignidad.

|                         |  |
|-------------------------|--|
| Ancient Stoic Tradition |  |
| Western Philosophy      |  |
| Ayon sa Relihiyon       |  |

1. Mula sa tatlong pananaw hinggil sa dignidad, ano ang nahinuha mong kahulugan ng dignidad?

---

---

---

2. Paano ka makatutulong upang mapangalagaan ang dignidad ng inyong kapwa lalong lalo na ang mga mahihirap at mga katutubo?

---

---

---

### Gawain 3. Pantay na Pagkilala sa Dignidad, Sa Kapwa Mo Ibigay

**Panuto:** Basahin at suriing mabuti ang mga sitwasyon sa ibaba, lagyan ng tsek na marka ang mga sitwasyong nagpapakita ng hindi pagrespeto sa mga katutubo at sa mga mahihirap.

- \_\_\_\_ 1. Pagpintas sa kulay ng balat ng isang kaklase na mula sa tribo ng mga Aeta.
- \_\_\_\_ 2. Pakikisama sa lahat ng taong masasalamuha.
- \_\_\_\_ 3. Pagtalsik sa trabaho sa isang tao dahil sa away etniko.
- \_\_\_\_ 4. Pakikisali sa mga selebrasyon ng mga katutubo.
- \_\_\_\_ 5. Iniiwasang makatabi ang isang kaklaseng pobre.

Sagutin mo:

1. Isulat ang mga bilang ng pahayag na nagpapakita ng hindi pagrespeto sa mga katutubo at sa mga mahihirap.

---

---


2. Sa mga nabanggit na mga pahayag na nagpapakita ng hindi pagrespeto sa mga katutubo at sa mga mahihirap, isulat ang munting hakbang na gagawin mo kapag ikaw ay maharap sa parehong sitwasyon.

---

---

---

---



### Isaisip


Nakalilibang magbasa hindi ba? Higit sa lahat, lumalawak ang iyong kaalaman lalong-lalo na tungkol sa buhay.

### Gawain 4. Dugtungan Mo

**Panuto:** Ngayon dugtungan mo ang mga parirala upang makabuo ng mga makatotohanang pahayag tungkol sa dignidad.

1. Ang dignidad ay galing sa salitang *Latin* na *dignitas*, mula sa *dignus* na ibig sabihin “\_\_\_\_\_”. Ang dignidad ay nangangahulugang pagiging karapat-dapat ng tao sa \_\_\_\_\_ at \_\_\_\_\_ mula sa kaniyang kapwa. Lahat ng tao, anuman ang kanyang gulang, anyo, antas ng kakayahan ay may \_\_\_\_\_.

2. “Huwag \_\_\_\_\_ na mahal ninyo ang inyong kapwa. Mahalin sila ng \_\_\_\_\_. Kasuklaman ninyo ang \_\_\_\_\_, pakaibigin ang \_\_\_\_\_. Pahalagahan ninyo ang iba nang higit sa pagpapahalaga nila sa inyo.”(Roma 12:9-10)



## ***Isagawa***

### **Gawain 5: Sa Harap ng mga Sitwasyon, Dignidad Aking Isulong**

**Panuto:** Basahin at unawain ang mga pahayag na nasa ibaba. Ano ang gagawin mo sa mga sumusunod na sitwasyon upang maipakitang ikaw ay may dignidad?

1. Nanonood ka ng TV, nang bigla itong ilipat ng tsanel ng nakababata mong kapatid.

---



---



---



---



---

2. Sinisingil ka na ng inyong lider para sa iasng proyekto, pero wala kang perang maibabayad.

---



---



---



---



---

3. Nakipagkalas sa iyo ang iyong kasintahan at ngayon ay nakikita mo siyang may kasamang iba.

---



---



---



---



---



## **Tayahin**


**Panuto:** Sa bilang na 1-5, basahin at suriing mabuti ang mga sumusunod na pahayag. **Piliin at isulat ang titik ng inyong sagot** sa inyong papel.

1. Para maiangat ang dignidad ng lahat ng tao, dapat tumulong ang lipunan dahil dito nagsisimula. Ang pangungusap ay:
  - a. Tama, dahil itinatadhana ng saligang batas ang paggalang sa pagkakapantay-pantay ng lahat ng tao.
  - b. Tama, dahil ang tunay na diwa ng pagiging isang bansa ay nasa pagkikilala sa karapatan at dignidad ng lahat ng tao.
  - c. Mali, dahil sa Diyos nagmumula ang dignidad ng tao.
  - d. Mali, dahil kailangang igalang ng mamamayan ang katayuan ng mga tao na mas mataas ang katungkulan sa pamahalaan.
  
2. Kailan maaaring mawala ang dignidad ng isang tao?
  - a. Kapag siya ay naging masamang tao.
  - b. Sa sandaling nalabag ang kanyang karapatang pantao.
  - c. Sa oras na niyapakan ng kapwa ang kanyang pagkatao
  - d. Wala sa nabanggit
  
3. Paano mapananatili ang mataas na antas ng dignidad ng tao?
  - a. Kumilos bilang kagalang-galang na indibidwal.
  - b. Panatilihin ang kabutihan sa sarili at sa kapwa upang laging makuha ang paggalang ng kapwa.
  - c. Palaging iangkop ang sarili sa pangkat na kinabibilangan upang maging karapat-dapat sa kanilang pagkilala
  - d. Isabuhay ang pagpapahalaga hindi sa kung anong ari-arian maayroon kundi sa karangalan bilang tao.
  
4. Ano ang pinakamahalagang maitutulong ng pagkakaroon ng dignidad ng tao?
  - a. Magiging malaya ang tao na ipakita ang kanyang totoong sarili.
  - b. Mapananatili ang damdamin ng pagmamalaki sa lahat ng tao.
  - c. Masisiguro na magagawa ng tao ang lahat ng kanyang nais nang walang pag-aalinlangan.
  - d. Ang lahat ay nagkakaroon ng karapatan na umunlad sa paraang hindi makasasakit o makakasama sa ibang tao.

5. Paano mo matutulungan ang isang pulubi na maiangat ang kanyang dignidad bilang tao?
  - a. Palagi siyang bigyan ng pagkain at pera sa araw-araw.
  - b. Tulungan siyang hanapin ang kanyang pamilya upang may mag-aruga sa kanya.
  - c. Humanap ng isang instituyon na maaaring kumalinga sa kanya at mabigyan siya ng disentang buhay.
  - d. Lapitan siya at kausapin sa araw-araw upang maitaas ang kanyang konsepto sa kanyang sarili.

**Panuto:** Isulat ang **Tama** kapag wasto ang diwa ng pangungusap, isulat naman ang **Mali** kapag ang diwa nito ay hindi totoo. Isulat ang sagot sa inyong papel.

6. Ang dignidad ay galing sa Latin na salita na ibig sabihin ay karapat-dapat.
7. Gawin mo sa iba ang ayaw mong gawin ng iba sa iyo.
8. Kailangan mangibabaw ang paggalang at pakikipagkapatiran dahil sa mata ng Diyos ang lahat ay pantay-pantay.
9. Lagi mong isa-isip na ang iyong kapwa ay dapat gamitin para sa sariling kapakinabangan.
10. Pilihin mo ang taong dapat irespeto.
11. Ang kahirapan ay hindi paglabag sa dignidad ng mga mahihirap.
12. Nagsisimula sa pagrespeto ang pagpapahalaga sa dignidad ng isang tao.
13. Ang pagpintas sa kulay ng balat ng isang tao ay hindi isang diskriminasyon.
14. Ang lipunan ay isang moral na institusyong binuo ng Diyos upang pangalagaan ang karangalan at dignidad ng tao.
15. Patuloy ang pagkaranas ng di makatarungang pang-aabuso kung hindi marunong rumespeto ang mga tao.



## ***Karagdagang Gawain***

Nawa'y marami ka nang natutunan hinggil sa dignidad. Para mas madagdagan pa ang inyong kaalaman. Gawin ang gawain sa ibaba.

**Panuto:** Mag-isip ng isang grupo ng katutubo (ethnic or indigenous group) sa Pilipinas. Ilarawan ang mga tradisyon at kultura mayroon sila. Isulat din ang mga katangian nila. Kung maaari, lakipan ng larawan.

Kriteriya:

|              |               |
|--------------|---------------|
| Nilalaman    | 10pts         |
| Presentasyon | <u>10 pts</u> |
|              | 20 pts.       |





## **Susi sa Pagwawasto**

|                |
|----------------|
| <b>Subukin</b> |
| 1. Tama        |
| 2. Mali        |
| 3. Tama        |
| 4. Mali        |
| 5. Mali        |
| 6. Mali        |
| 7. Tama        |
| 8. Mali        |
| 9. Tama        |
| 10. Tama       |
| 11. c          |
| 12. b          |
| 13. d          |
| 14. d          |
| 15. a          |

|                |
|----------------|
| <b>Tayahin</b> |
| 1. c           |
| 2. b           |
| 3. d           |
| 4. d           |
| 5. a           |
| 6. Tama        |
| 7. Mali        |
| 8. Tama        |
| 9. Mali        |
| 10. Mali       |
| 11. Mali       |
| 12. Tama       |
| 13. Mali       |
| 14. Tama       |
| 15. Tama       |

# ***Sanggunian***

## **Books:**

Diaz, Jade M, Dolores S.Quiambao, and Veronica E. Ramirez, Ph. D. *Good Character Matters*. Quezon City: Vibal Group Inc. 2016.

Esteban, Salud R, Talna M. Bongolan, Milagros T.Fernandez, Proserfina A.Jacela, et al. *Binagong Talaarawang Patnubay 1V*. CSC Publishing House. 2000.

Gomez, Marie Grace A. Ph.D. *Lilok 7 Edukasyon sa Pagpapahalaga*. Quezon City: Trinitas Publishing Inc. 2014.

Punsalan, Twila G, Camila C. Gonzales, Sylvia T. Caberio, Myra Villa D. Nicolas, et al. *Maylalang: Handugan ng Kabutihan*. Quezon City: Rex Printing Company Inc. 1994.

Departamento ng Edukasyon. *Edukasyon sa Pagpapakatao 7*. Pasig City: Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat. First Edition.2012.

## **Electronic Resources:**

Madrid, Mirasol. Dignidad ng Tao:Pangalagaan Ko.Published on August 11,2014.slideshare.net/zholliimadrid/dignidad-ng-tao-pangalagaan-ko.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)